

CHAPTER *One*

*N*ilagok muna ni Rossann ang natitirang kape mula sa styro cup bago tinanguan ang matandang security guard na sinisenyasan siyang pumasok sa loob. Tapos na ang duty niya bilang cashier sa KTV Bar at nagpapalipas na lamang siya ng oras bago umuwi.

Nang makapasok ay agad siyang tinalakan ng manager ng bar. Sa kilos at pananalita, masasabing binabae ito.

“Hindi pa tayo sarado, tumatambay ka na naman sa labas. Sayang ang ibinabayad sa iyo.”

“Boss, kanina pa tapos ang shift ko. Absent nga ang kasama ko at mag-isa lang ako,” katwiran niya. Sanay na siya rito at alam niyang sanay na rin ito na hindi siya nauubusan ng katwiran.

“Naku, sisisantehin na talaga kita,” nakapamaywang na sabi nito habang nakatikwas ang mga kilay.

Naiiling na tinalikuran niya ito at tinungo ang locker room. Dinampot ni Rossann ang bag at walang paalam na lumabas. Madalas ay naghihintay pa siya ng hanggang alas cinco ng umaga sa bar pero dahil nagtalo na naman sila ni Boss Donnie ay mas pinili niyang umuwi na.

Bad mood na si Boss Donnie at ayaw na niyang palalain pa ang pagtatalo nila.



May mangilan-ngilang tambay siyang nadaanan. Sa dalawang taong paninirahan niya sa Sampaloc malapit sa riles ay nasanay na siya sa mga ito. Nangungupahan siya sa isang maliit na kwarto, may common CR ang bahay, para sa kanilang lahat ng nasa second floor.

Ang may-ari ng bahay ay nasa katabing kwarto niya. Biyuda ito at walang anak. Si Art, ang pamangking pinag-aaral nito ay sa sala natutulog. Kung tutuusin ay kaya naman niyang lumipat sa isang mas disentang lugar, pero nanghihinayang siya sa maliit na upa.

Ang renta niya ay isang libo lamang sa isang buwan bukod pa sa maganda ang pakikitungo sa kanya ng may-ari ng bahay. May ilang borders na ang nagkakape sa kusina. Derechong pumasok siya

sa kanyang kwarto at matapos ilapag ang gamit ay nagpalit ng damit at nahiga.

Ipinikit ni Rossann ang mga mata at natulog. Mamayang alas doce ng tanghali hanggang alas seis ng gabi ay kahera naman siya sa isang *pares house* na malapit sa inuupahan. Mula roon ay direktso na siya sa KTV Bar sa Morato.

Noong nakaraang taon, kalagitnaan ng semester ay napilitan siyang huminto sa pag-aaral dahil kinapos siya sa budget. Third year BS Accountancy student siya at pinipilit niyang makaipon para makabalik sa sunod na pasukan. Kaya naman kahit pagod ang katawan ay nagtitiyaga siya sa dalawang trabaho.

Katorse siya nang iluwas ng ina mula sa Cebu. Nakipanuluyan sila sa pinsan nito na taga-Quipo habang naghahanap ng trabaho ang kanyang ina. Isang araw ay hindi na ito umuwi at naiwan siya sa poder ng tiyahin na araw-araw isinusumbat sa kanya ang pakikipanuluyan niya. Seventeen si Rossann nang lumayas matapos pagtangkaang gahasain ng panganay nitong anak.

Mula roon ay nakapagtrabaho siya sa tindahan ng damit sa Divisoria, pero hindi siya nagtagal sa sobrang istrikto ng among Intsik. Sumama siya sa isang kakilala na nagtatrabaho bilang dishwasher sa isang Chinese restaurant. Mula roon ay nagpalipat-lipat na siya sa mga restaurants. Isinabay niya roon

ang pag aaral.

Alas onse nang tumunog ang kanyang alarm clock. Sanay na ang katawan niya sa pagod at puyat. Matapos igayak ang susuotin ay kinuha na niya ang tuwalya sa sabitan at tinungo na ang banyo. Inilapag niya ang sariling tabo na may toiletries sa sahig at ibinilin sa naunang boarder na siya ang susunod dito sa banyo.

Tinungo ni Rossann ang kusina at nagtimpla ng kape. Naabutan siya ng may-ari ng bahay na umiinom na ng kape.

“Galing ka ng palengke, Tita?” Hindi libre ang pagkain sa boarding house ni Tita Mitch, pero madalas ay isinasahog siya ng matanda sa almusal. Nag-aabot na lang siya ng kaunting pamalengke.

“Oo, may ipabibili ka ba? Hindi na kita kinatok kanina at alam kong halos kadarating mo lang.” Inilapag nito ang mga pinamili sa mesa. Inabot niya ang dyaryo mula sa bayong nito.

Natigilan siya nang makita ang front page: ANAK NG CONGRESSMAN, NAGTANGKANG MAGPAKAMATAY. Ang nasa ibaba niyon ay larawan ng congressman at ng anak nito.

“Kagandang bata, magpapakamatay.” Sumatsat ang matandang babae.

“Pwede ko ho bang mahiram itong dyaryo?” tanong niyang hindi maialis ang tingin sa larawan ng matandang congressman.

“Sige, iwanan mo lang bago ka umalis at magsasagot pa ako ng puzzle.”

Bitbit ang dyaryo at mug ng kape ay tinungo ni Rossann ang kwarto. Mula sa ilalim ng cabinet ay dinukot niya ang lumang larawan mula sa gamit ng ina. Larawan iyon ng kanyang ina at ng kanyang hindi nakilalang ama. Ayon sa ina ay iniwan sila ng ama hindi pa man siya ipinapanganak dahil may iba na itong pamilya. Ni hindi nito nalaman na nagbuntis ang kanyang ina. Pinaglipat-lipat niya ang tingin sa lumang larawan at sa larawang nasa dyaryo.

Bagaman may edad na ang congressman ay napakalaki ng pagkakahawig nito sa larawan ng ama. Ibinaling niya ang atensyon sa larawan ng anak nito. Hindi sila nagkakalayo ng edad at hindi rin maipagkakamali ang pagkakahawig nila. Kamukha sila ng matandang congressman.

Tiningnan niya ang likuran ng hawak na larawan: Ofelia and Ferdie. Muli niyang binasa ang nilalaman ng balita, ang congressman ay si Ferdinand Robles mula sa Cavite. Maaari bang ang matagal na niyang hinahanap na ama ay ang congressman?

Bago sila lumuwas ng Maynila ay nakalakhan na niya ang paulit-ulit na bilin ng ina na hanapin ni Rossann ang kanyang ama kahit ano ang mangyari. Nang iwan siya ng ina ay hindi na niya inisip pa iyon. Napakalaki ng Maynila para sa isang katulad niya noong mga panahong iyon at mas importante

sa kanya ang mairaos ang pang-araw-araw na buhay kaysa hanapin ang taong umabandona sa kanila.

Ang kanyang ina ay natagpuan niya makalipas ang tatlong taon niyang paghahanap sa isang pampublikong ospital, nag-aagaw-buhay. Naging palaboy raw ito sa kalye sabi ng mga nakakilala at nasagasaan ng pampasaherong jeep. Ayon sa nagdala sa ospital ay tila wala sa katinuan ang ginang. Nakamatayan na nito ang habiling hanapin niya ang ama at magpakilala.

At ngayong magdadalawang taon nang patay ang ina, sa posibilidad na maaaring natagpuan na ni Rossann ang ama ay hindi niya alam kung ano ang magiging reaksiyon. Wala sa sariling lumabas siya ng silid at isinoli ang dyaryo sa kasera.

“Parang kamukha mo pala itong anak ni congressman, ano?” anang matanda na inayos pa ang suot na salamin.

“Baka ho anak ako sa labas ng congressman...?” pagbibiro niya.

“Aba, eh, hindi malayo, napakapalikero nito n’ung kabataan. Nabalita nga na may anak ito sa labas.”

“Matagal na po ba siyang pulitiko?” Dahil sa schedule niya sa trabaho at kolehiyo dati ay wala siyang panahong manood ng TV o magbasa ng dyaryo.

“Dati iyang artista. Pero hindi masyadong

sumikat kaya pumasok sa pulitika.”

Tumango siya at nagpaalam nang maliligo.

Hanggang sa trabaho ay dala niya ang isipin tungkol sa congressman. Ilang beses na siyang nasita ng may-ari.

“Girl, ano ka ba? Umuwi ka na lang kaya kung ganyan ka,” ani Trina, isang malapit na kasamahan.

“Huwag mo na lang akong pansinin.”

“Pwede naman kitang hindi pansinin, eh, kaso si Boss kanina ka pa napapansin. Ano ba’ng problema mo?” kulit nito.

“Paano kaya kung matagpuan ko na ang tatay ko?”

Namilog ang mga mata nito. Alam nito ang kwento ng buhay niya. “Nakita mo na siya?”

“Hindi pa ako sigurado...pero parang ayoko nang ipursigi.”

“Bakit naman?”

“Baka makagulo lang ako, may pamilya na siya saka...parang sikat siya.”

“Artista?” napalakas na tanong nito.

Siniko niya ito. “Ang ingay mo.” Nilingon nila ang amo na nasa loob ng kusina at pinapagalitan ang dishwasher.

“Artista nga?” usisa nito.

“Tange, pag sikat artista agad?”

“Aray naman, eh, andami mong suspense, sabihin mo na.”

“Pulitiko. Tama na muna kasi hindi pa ako one hundred percent sure.”

Umismid ito. “Nambibitin ka pa. Pero di ba mahigpit na kabilin-bilinan ni madir mo na hanapin mo at magpakilala kang anak? Baka multuhin ka n’un pag hindi mo ginawa.”

Akmang sasagot pa si Rossann nang lumabas ang amo mula sa kusina. Agad silang naghiwalay. Kinuha niya ang walis at muling winalisan ang ilalim ng counter. Si Trina naman ay kinuha ang towel at nagpunas ng mesa.

Pagkatapos ng duty ay sinabihan siya ni Trina na huwag nang pumasok sa KTV.

“Sira, sayang naman ang kita ko.”

“Para namang marami kang binubuhay. Ako nga ang dapat ang nagpapakamatay sa trabaho.” Ang asawa nito ay tricycle driver. At tatlo ang anak nito na magkakasunod ang edad. May isang kapatid pa ito na nakapisan dito.

“Wala kang mauutangan pag hindi ako nagtrabaho,” biro niya.

Hinampas nito ang braso niya. “Kwentuhan mo muna ako tungkol sa tatay mo. Para pag lalo kang yumaman mas marami akong mauutang.”

“Si Ferdinand Robles.”

“Sounds familiar.”

Ikwinento niya rito ang front page news at ipinakita ang lumang larawan mula sa gamit ng ina.

“Oo nga, nabasa ko rin iyon.” Hinawakan nito ang mukha niya at sinipat-sipat. “At maputi lang iyong anak niya pero magkahawig nga kayo. At kamukha kayo ni Congressman.”

“Mukha kaming lalaki?” pagpapagaan ni Rossann sa nararamdaman.

“Sira! Maganda ka naman, girl, di ka lang kasing-sosyal ng anak ni Congressman.”

Umingos siya. “Syempre, mayaman iyan.”

“Kung ako sa iyo, magpakilala ka sa tatay mo. Wala namang mawawala kung di ka niya tanggapin, di ba? At least, nagawa mo ang dying wish ng nanay mo.”

“Ewan ko, bahala na. D’yan ka na nga, papasok na ako.” Tumayo siya at humakbang na patungo sa paradahan ng jeep.



Lumipas ang magdamag niya sa KTV Bar na gaya ng pangkaraniwang duty. Day off niya mula sa dalawang trabaho nang sumunod na araw at ginugol niya iyon sa Internet cafe para kumuha ng impormasyon tungkol sa congressman. Wala siyang makitang detalye na maaaring mag-ugnay rito at sa kanyang ina. Ngunit may ilang larawan ito noong kabataan nito na di maipagkakamaling siyang nasa picture na iniwan ng kanyang ina. Ang asawa nito ay mula sa angkan ng kilalang mga negosyante at ang anak ng mga ito na napabalitang nagtangkang

mag-suicide ay head ng isang non-government organization at recently engaged sa isang kilalang negosyante.

Binalikan ni Rossann ang larawan ng pamilya nito at may nakapang bahagyang inggit. Isang buntong-hininga ang pinakawalan niya bago tumayo. Isinilid niya sa bulsa ang papel na pinagsulatan ng kinopyang address at nagbayad sa kahera ng computer shop.

Sa isang sikat na subdivision sa Alabang niya natunton ang address ng congressman. Pagkatapos mag-iwan ng ID sa guard ng subdivision ay saka pa lamang pinapasok ang taxi na kanyang sinasakyan.

“Hintayin mo na ako, Manong, sandali lang ako,” aniya sa driver na mukhang di natuwa sa narinig. “May pambayad ho ako.”

Nagdadalawang-isip na bumaba siya ng taxi at lumapit sa gate. Akmang magdo-doorbell siya nang bumukas ang malaking gate at lumabas ang isang itim na SUV.

Natarantang bumalik siya sa loob ng taxi.

“Aalis na tayo?” tanong ng driver.

“Ho, eh, sandali lang ho.” Muli siyang lumabas ng taxi at tinanaw ang papalayong sasakyan. Lakas-loob na muli siyang lumapit sa gate at nag-doorbell.

Isang unipormadong security guard ang sumilip.

“Ano iyon?” tanong nito.

“Dito ho ba nakatira si Congressman Robles?”

“Bakit? Ano’ng kailangan mo? Hindi tumatanggap ng bisita si Congressman dito.”

“Personal po, pwede ba siyang makausap?”

“Kaaalis lang, kasama ang asawa. Kamag-anak ka ba niya?” tanong ng guwardya na titig na titig sa mukha niya.

Naiilang na nag-iwas siya ng tingin. “Eh, sige ho, babalik na lang ako. Salamat ho.” Mabilis siyang tumalikod at sumakay sa taxi.

Ang guwardya ay kunot-noong sinundan ng tingin ang papalayong taxi. Nagulat pa ito nang may magsalita.

“Mang Temyong, sino ba’ng kausap n’yo diyan? Lalabas ho ako, pakibuksan ang gate.” Si Freya iyon, ang anak ng congressman.

“Ah, eh, wala ho. May naghahanap lang sa papa n’yo,” sabi nitong isinara ang maliit na gate.

“Ano raw kailangan?”

“Eh, hindi ho sinabi. Akala ko nga kamag-anak n’yo po kasi kahawig ng papa n’yo.”

Natigil si Freya sa pagsakay sa sa kotse nito. “Kahawig namin ng papa?”

“Ah, eh, opo, pero syempre mas maganda kayo ma’am,” sabi ng madaldal na guwardya.

“Hindi mo kinuha ang pangalan?”

“Eh, ang bilis umalis. N’ung tinanong ko kung kamag-anak n’yo, biglang nagpaalam na.”

“Sa susunod na bumalik siya, ako ang haharap

sa kanya. Maliwanag ho ba?”

“Opo, sige po, ma’am,” sabi nito na binuksan ang malaking gate.

Si Freya ay ilang sandaling nakakunot ang noo bago sumungaw ang ngiti sa mga labi.

CHAPTER *Two*

*A*ng minsang pagpunta sa bahay ng congressman ay hindi na ulit nasundan. Sinubukang tawagan ni Rossann ang opisina nito at minsan din siyang nagpunta sa Kongreso, pero nabigo siyang makita o makausap ito.

“Last na ’to, pag wala pang nangyari, ayoko na,” kausap niya sa sarili habang idina-dial ang numero sa bahay nito. Katakot-takot ang dinaanan niya para lang makuha ang numero nito.

“Hello?” sosyal ang boses ng babaeng sumagot.

“Magandang hapon po, pwede po bang makausap si Congressman Robles?”

“Who is this?”

“Ah, eh, may kailangan lang po akong tulong pinansyal,” dahilan niya.

Ilang sandaling hindi sumagot ang kausap niya. “Sa opisina ka niya dapat tumatawag. Ikaw ba ang nagpunta rito sa bahay sa Alabang noong isang buwan?”

“Eh, opo. Wala raw po si Congressman kaya umalis din ako.” Hindi niya alam kung ibababa na ang telepono.

“This is Freya, his daughter. Kung anuman ang kailangan mo sa papa, maaari mong sa akin idaan.”

“Naku, huwag na po. Tatawag na lang ulit ako.”

“No. I think we should meet,” mariing pahayag nito. “Are you free tomorrow?”

May trabaho siya bukas. “Sige po, anong oras at saan?”

Isang sikat na mall ang sinabi nito bago nagpaalam. May ilang sandali na siyang walang kausap, pero nanatiling hawak ang telepono. Nagulat pa siya nang tawagin ng kasamahan sa trabaho. Ibinaba niya ang telepono at muling bumalik sa pwesto sa KTV Bar.

Bago mag-uwian ay nagpaalam si Rossann sa manager na hindi makakapasok kinabukasan dahil sa importanteng lakad.



Dumaan muna si Rossann sa CR sa mall bago tinungo ang meeting place nila ni Freya. Sinuklay niya ang lampas balik at buhok at inayos ang headband. Naglagay rin siya ng manipis na lipstick

at nagpulbos. Nanlalamig siya at tumatambol ang dibdib. Masasabi ba niya rito na anak din siya ng papa nito at magkapatid sila? Nang masiguradong presentable na ang kanyang ayos ay tinungo niya ang coffee shop na sinabi ni Freya.

Hindi pa man siya natatagalang nakaupo ay nakita na niya itong pumasok at bago pa niya mapagdesisyunan kung kilala na ba siya nito o kailangan pa niyang kawayan ito ay nagtama na ang kanilang mga mata. Humakbang ito palapit sa direksyon niya. Ang suot nito ay printed mini dress na hapit sa katawan. Hindi sila nagkakalayo ng sukat ng katawan at ng taas. Ang buhok nito ay lampas balik at din, at kung ang kanya ay natural na itim, ang buhok nito ay reddish brown, layered at may side bangs. Sa personal ay mas makikita ang pagkakahawig nila.

Naupo ito sa tapat niya at may ilang sandaling nakatitig lang sila sa isat isa.

“I don’t know what to say,” bulalas nito. “Tama ba ako ng iniisip kung ano ang kailangan mo sa papa?”

“Ano ba’ng iniisip mo?” nananantiyang tanong niya.

“Come on, kitang-kita ang resemblance natin. Kung hindi tayo magkapatid, we could be close cousins. But I doubt magpinsan tayo.”

“Gusto ko muna sanang makausap si Congressman para kumpirmahin ang hinala ko.”

Ikinuwento niya ang tungkol sa ina at mula sa bagay inilabas ang larawan ng mga magulang. Kinuha nito iyon at matagal na tinitigan.

“Kahit hindi mo marinig mula sa papa, I can assure you, si Papa ito noong kabataan niya.” Tinitigan siya ni Freya. “I don’t think my mother will be happy about this,” seryosong pahayag nito.

“Wala naman akong planong guluhin kayo. Hindi kailangang malaman ng congressman na nagkausap tayo, kung iyon ang gusto mo.” Alam niyang may sakit sa puso ang ina ni Freya mula sa mga impormasyong nakuha niya. At ang pinakahuling atake nito ay nang mapabalitang nagtangkang magpakamatay ang anak.

Ngumiti ang babae. “Well, unfair naman sa iyo iyon. Anak ka rin ng papa.”

May naramdaman siyang tuwa. Hindi niya inaasahan ang ganito kabilis na pagtanggap mula rito.

“Pwede nating ipaalam sa papa ang tungkol sa iyo, pero hindi agad agad. Naiintindihan mo ba?”

“Oo naman.”

“It will take time. Sa ngayon, tayo lang dapat ang makaalam ng sikretong ito.” Masayang tumango siya. “Tayo lang ang pwedeng magkausap.” Ibinigay nito ang cellphone number nito.

Masyado siyang masaya para isipin kung may iba mang motibo si Freya. Nag-order ito ng pagkain at pagkatapos ay nagpilit na ihatid siya sa labis na pagtangi niya. Nang makarating sa tapat

ng tinutuluyan niyang bahay ay parang wala itong balak bumaba.

“My goodness, this is where you live? Ililipat kita ng bahay. I will call you. At tandaaan mo, huwag kang tatawag sa bahay,” mariing bilin nito.

“Hindi na kailangan, malapit ito sa pinapasukan ko saka wala akong ibabayad sa iyo.”

“And you shouldn’t be having two jobs,” iilingiling na sabi nito. “Tanggapin mo na lang ang ibinibigay ko and consider it as a gift mula sa isang kapatid.”

“Hindi ako gan’un, Freya. Ayokong isipin mo na sinasamantala kita.”

“Of course not.”

“Hayaan mo na lang ako rito at sa trabaho ko, sapat na tinanggap mo ako bilang kapatid.”

Tumango ito at nagpaalam na siya.



Nang sumunod na araw ay nakatanggap siya ng tawag mula kay Freya. Sinundo siya nito sa pinagtatrabahuhang pares house. Muli, tumawag siya sa KTV Bar at nagpaalam na hindi makakapasok. Dinala siya ni Freya sa isang condo unit sa Quezon City.

“Dito ka na tumira, para pwede kitang puntahan anytime. Besides, malapit na rin ito sa workplace mo.” Naupo ito sa sofa.

“Wala akong pambayad dito.” Fully furnished

ang condo at elegante ang mga gamit.

“The building belongs to mom. Libre ka na. But you have to pay for your electricity and water bill, para di mo isipin na inaabuso mo ako. Will that be all right with you?”

Hindi niya alam ang isasagot. Muli niyang iginalala ang tingin sa unit.

“Para pwede kitang puntahan anytime,” ulit ni Freya.

Nilingon niya ito. Prenteng nakaupo ang kapatid sa sofa. Lutang na lutang ang maputi nitong balat sa suot na dilaw na sleeveless at khaki shorts. Sa paa ay dilaw ding sandalyas.

Nakangiting tumango siya.

“That’s great. Akala ko pahihirapan mo pa ako.” Tumayo ito at iniabot sa kanya ang susi. “May duplicate ako. Pwede mo nang ilipat ang mga gamit mo ngayon. We can hire a lipat-bahay truck.”

Natawa siya. “Baka isang maleta lang ang gamit ko. At ’yung electric fan ko, eh, iiwan ko na sa may ari ng bahay. Parang hindi bagay dito.”

“Speaking of gamit. Kailangan nating mag-shopping. Let me buy you clothes.”

Akmang tututol si Rossann, pero naunahan siya nito. “Pleeeaaase, Ate?”

Muli, napangiti siya. Matanda siya rito nang mahigit isang taon lamang.

“Paano ba kita matitiis? Sige na nga.”

Una nilang kinuha ang mga gamit niya na eksakto nga sa isang maleta lang. Sa isang mall sila dumerecho at gaya ng sabi ni Freya, ipinamili siya nito, hindi lamang ng mga damit kundi maging ng mga sapatos at bag. Ipina-facial at pinagupitan pa nito ang buhok niya sa kabila ng pagtangga niya.

“Para mas maging magkahawig tayo,” balewalang sabi nito.

Tinitigan niya ito. “Gusto mong makita ng lahat na magkahawig tayo?”

Tila nailang na nagkibit-balikat ako. “Pag nakita tayo ng papa, hindi na magtatanong iyon.”

Tumango siya at minasdan ang repleksyon nila sa salamin. Halos magkapareho na ang gupit ng buhok nila, may kulay lamang ang buhok nito. Bagaman maputi ito ay hindi na maipagkakailang magkapatid sila.

Pagkatapos mag-grocery ay inihatid lang siya ni Freya. May lakad pa raw ito. Ang mga pinamiling damit ay inayos niya sa closet. Isinukat niya ang high heeled shoes na binili nito at naglakad-lakad sa condo unit. Natawa pa siya nang ilang beses muntik matapilok.

Hinubad ni Rossann ang sapatos at nahiga sa kama. Ngayon lang niya naranasan ang ganitong luho. Bagaman may maliit siyang ipon ay itinatabi niya iyon para sa pag-aaral niya. Ang halaga ng pinamili ni Freya kanina ay hindi niya kikitain kahit

dalawa pa ang trabaho niya.

Speaking of trabaho, siguradong makakagalitan na siya ni Boss Donnie. Dalawang araw na siyang hindi pumapasok.

Bumangon siya at itinuloy ang pag-aayos ng mga damit. Nang matapos ay saka niya inayos sa kusina ang mga grocery. Pinakialaman na rin niya ang ref, kumpleto ang laman niyon. Di gaya ng ref ni Aling Mitch na madalas puro tubig at yelo ang laman. Napangiti siya. Nami-miss din naman niya ang dating tirahan, kahit maliit iyon ay hindi niya naramdaman na nag-iisa siya. Masyadong maingay ang bahay para maging malungkot siya.

Nilinga niya ang paligid. Masyadong tahimik. Tama bang pumayag siya sa gusto ni Freya na dito siya tumira? Hindi siya komportable sa ganitong lugar pero ang pananabik para sa isang kapatid ang nagpadali ng desisyon niya. Para kay Freya ito, bakit hindi?



Kinabukasan ay pumasok na siya sa KTV Bar at hindi nga siya nagkamali, kalahating oras siyang pinagalitan ng manager bago siya pinag-duty. Kung dati ay nangangatwiran siya, ngayon ay tinanggap lang niya ang sinabi nito. Iniisip niyang napakaswerte niya para matanggap agad ni Freya at umaasa siyang sa madaling panahon ay magkakaharap na sila ng ama gaya ng pangako ng kapatid.

Kinabukasan ay isinama niya si Trina sa tinutuluyang condo.

“Ang swerte mo, girl. Pero sigurado ka ba d’yan sa Freya na iyan? Baka kunwari lang mabait? Kelan ka raw ba ipapakilala sa papa n’yo?” sunod-sunod na tanong nito.

“Mabait naman. Di pa siya ulit nakakadalaw dito pero tumatawag naman. Mahigit isang linggo pa lang naman kaya ’huwag nating madaliin.”

“Baka mamaya di ka naman ipakilala.” Binuksan nito ang ref. “Wow, kumpleto ha. Penge ako nito para sa inaanak mo.” Kinuha na nito ang isang bar ng tsokolate bago pa siya nakasagot.

Natatawang tumango siya. Hindi naman niya inaanak ang alinman sa mga anak nito dahil pawang nabinyagan na ang mga iyon nang magkakilala sila, pero lagi nitong sinasabi na inaanak niya ang bunso.

“Pag nagkaharap kaya kami matanggap agad ako n’un gaya ni Freya?”

“Sigurado ka bang tanggap na tanggap ka ni Freya?”

“Siguro. Di naman siguro niya ako pakikitaan ng kabutihan kung hindi, di ba?”

“Malay natin may sarili siyang dahilan, malay mo para sa mama niya kaya itatago ka lang niya forever. Di ba, sakitin ang mama niya?”

Sandali siyang natigilan. “Di naman siguro. Sabi niya maghintay lang kami ng time. Hindi pwedeng

madaliin.”

Nakataas ang kilay na tinitigan lang siya ni Trina habang binubuksan ang bote ng soft drink.



Pagkatapos ng duty sa KTV ay alas cinco na ng umaga siya nakauwi. Nagulat pa siya nang madatnan si Freya na nakaupo sa sahig sa paanan ng kama niya. Magulo ang buhok nito, bukas ang ilang butones ng blouse at walang sapin sa paa. Mabilis na nilapitan niya ito.

“Ano’ng nangyari sa iyo? Ayos ka lang ba?” halos hindi nito maimulat ang kanang mata. Tiningnan niya kung may iba pang sugat ito maliban sa maliit na putok sa labi nito at sa pasa sa ibaba ng kaliwang mata. Nakagat niya ang ibabang labi nang makitang may mga pasa rin ito sa magkabilang braso.

“Si Red...”

“Sinong Red? Siya ang may gawa nito? Tatawag ako ng pulis.” Dumerecho siya ng tayo at akmang lalapit sa telepono, pero pinigilan nito ang kamay niya.

“Huwag, maeeskandalo ang pamilya natin. Baka atakehin ulit ang mama. Saka maimpluwensya si Red, baka madamay ka pa,” umiiyak na sabi nito.

Inalalayan niya itong makaupo nang maayos sa kama niya. “Sino ba ’yang Red na iyan? Siya ba ang dahilan kung bakit ka nagtangkang magpakamatay?” hindi napigilang tanong niya. Hindi pa man niya

nakikilala ang Red na tinutukoy nito ay may nakakapa na siyang galit sa lalaki. Walang matinong lalaki ang mananakit ng babae.

“Hindi ako nagtangkang magpakamatay, siya ang nagbabantang papatayin ako dahil ayaw kong matuloy ang engagement namin. Ipinagkasundo kami ng mga magulang namin. Mabilis uminit ang ulo niya. Lagi niya akong napagbubuhatan ng kamay. Pero natatakot akong magsumbong dahil sinabi niyang sisirain ang pangalan ng papa kapag iniwan ko siya. Natatakot ako sa kanya, Rossann.” Humagulgol ito.

“Pero kailangang malaman ng pamilya mo ito. Hindi pwedeng ito ang kapalit ng pagkakautang ng papa mo. At hindi pwedeng lagi kang sinasaktan ni Red. At hindi ba nila nakikita na magaspang ang ugali ng gusto nilang ipakasal sa ’yo?”

Hinawakan nito ang kamay niya. “Red is perfect sa harap ng ibang tao at ng mga magulang ko. Tulungan mo ako, Rossann...” Tumulo ang luha nito.

“Sige, basta makakaya ko,” aniyang nadudurog ang puso para rito.

“Mangako kang tutulungan ako.” Hinawakan nito ang kamay niya.

“Sige, pangako. Sabihin mo, paano kita tutulungan?”

“Tulungan mo akong huwag matuloy ang kasal kay Red.”

CHAPTER *Three*

*N*atutulog na si Freya sa kama niya, pero hindi pa rin dalawin ng antok si Rossann. Hanggang ngayon ay iniisip pa rin niya ang napag-usapan nila ng kapatid.

“Kung hindi mo ako matutulungan ay maiintindihan ko,” sabi ni Freya nang hindi siya agad nakasagot. *“Ayokong madamay ka kasi kapatid kita.”*

“Gusto kitang tulungan, Freya.” Kapatid niya ito at kailangan siya nito. Hangga’t kaya niya ay nais niyang ibalik ang kabutihan nito.

Niyakap siya ng babae. “Salamat, Rossann. Maaasahan ka talaga.”

Nang simulang ipaliwanag sa kanya ni Freya ang plano nito ay parang gusto na niyang mag-back out.

“Wala bang ibang paraan?” tanong niya.

“Kaya natin ’to, magtutulungan tayo.” Pinisil nito ang kamay niya. “Pagkatapos nito pwede na tayong humarap kay Papa. Hindi na rin masyadong magagalit ang mama dahil tinulungan mo ako.”

“Hindi kaya pati ang papa mo magalit sa akin?”

“Papa natin, at hindi iyon magagalit. Maiintindihan niya kapag ipinaliwanag ko na.”

“Eh, kung ipaliwanag na natin ngayon?” nagpa-panic na sabi niya.

“Hindi sila maniniwala. Red is perfect. Iisipin nilang sinisiraan ko lamang si Red. Maraming beses ko nang sinubukan kaya alam kong hindi nila paniniwalaan ang anumang isumbong ko. Malaki ang utang na loob ng Papa sa kanya. Ang sweldo na lang ni Papa bilang congressman ang pinanggagalingan ng income namin, at ’yung suweldo ko sa NGO. We are not as rich as you think.”

“Paano nangyari iyon?”

“Bago naging sakitin ang mama ay hindi birong halaga ang nauubos niya sa casino. She was a gambler, si Red ang naging tagapagligtas namin. Kaya wala akong masamang pwedeng sabihin ukol kay Red na paniniwalaan ng pamilya ko. Kaya dapat ’yung malalagay sa alanganing sitwasyon si Red ang mangyari ’tapos saka ko na ipapaliwanag kung bakit ko ginawa iyon.”

“Hindi ba mas malaking eskandalo ’to?”

“Eskandalo kay Red, hindi gaano sa pamilya

natin.” Isang imbing ngiti ang pinakawalan nito pero agad din iyong naikubli. “At tutulungan mo ako, Rossann.”

Alanganing tumango siya.



Nagulat pa si Rossann nang tumunog ang alarm clock. Sinulyapan niya si Freya na natutulog pa rin. Bumangon siya mula sa sofa at naghanda ng almusal. Pagkatapos ay dumerecho siya sa banyo at naligo. Aabot pa siya sa duty niya sa pares house. Nakabihis na siya nang magising si Freya.

“Huwag ka nang pumasok, sis,” paglalambing nito.

“Kailangang magtrabaho. Okay ka lang bang maiwan dito? May inihanda na akong almusal.”

“Yeah, I’m fine. Lalo na ngayon na tutulungan mo na ako. Konting tiis na lang kay Red.”

Tumango siya at isinukbit ang bag.



Pagdating sa trabaho ay hindi na naman siya makapag-concentrate. Si Trina ay paulit-ulit siyang tinanong kung may dinaramdam, pero nagkaila siya. Nangako siya kay Freya na walang ibang makakaalam. Hindi siya mapakali. Ni hindi nga niya alam kung paano siya napapayag ng kapatid sa plano nito. Ang tanging nais lamang niya ay protektahan at tulungan ito. Huwag nang idagdag pang maaari itong

maging daan para mas maaga silang magkaharap ng ama. Ang hiling lang niya ay huwag sanang pati ang ama ay mamuhi sa kanya.

Natapos ang duty niya na tila siya robot. Hindi na siya nag-duty sa KTV Bar, nagpaalam na siyang magre-resign gaya ng usapan nila ni Freya. Inaasahan niyang pagagalitan siya ni Boss Donnie, pero kabaliktaran ang nangyari. Ilang sandali itong hindi umiimik pagkatapos ay niyaya siya sa opisina nito.

“Napapansin kong may problema ka, Rossann. Matagal ka na rito at kilala na natin ang isa’t isa. May maitutulong ba ako?”

“Salamat, Boss, pero wala ho kayong dapat ipag-alala, okay lang po ako. May kailangan lang po akong asikasuhin.”

“Sigurado ka?” hindi kumbinsidong tanong nito. Tumango siya. “Pwede mong sabihin sa akin kung ikagagaan ng loob mo.”

“Okay lang po talaga ako. Kailangan ko lang ng time.” Hindi niya alam kung makakabalik pa siya sa KTV Bar pagkatapos ng plano nila ni Freya.

“O sige, ganito na lang, bibigyan kita ng time para ayusin iyan. Pag gusto mo nang bumalik, sabihan mo ako.”

“Malaki pala ang puso ninyo, Boss,” biro niyang tinawanan nito.

“Sige na, umalis ka na at baka nga bumaha ng luha rito,” taboy nito.



Nang makabalik sa condo ay nagulat siyang datnan pa rin doon si Freya.

“Hindi ka umalis?” Naghahanda ito ng mesa para sa hapunan.

“Umalis, pero bumalik din agad. I’m sleeping here. At nag-order na ako ng food.”

Tumango siya at matamlay na naupo sa silyang katapat nito.

“Are you all right? You don’t look fine,” nag-aalalang sabi nito.

“Wala bang ibang paraan? Naduduwag yata ako sa plano mo.”

Napabuntong-hininga ito. “Hindi kita mapipilit kung ayaw mo. ’Yun lang ang paraan na alam ko. Kapag hindi natin nagawa, well, I just have to marry Red and live with a psycho for the rest of my life. Wala akong ibang mahingan ng tulong bukod sa iyo,” tila may halong pangongonsyensyang sabi nito.

Siya naman ang napabuntong-hininga at pinilit ngumiti. “Tutulungan kita, Freya.”

“Wala nang urungan ’to, Rossann. Hindi ka na pwedeng umatras oras na simulan na natin,” mariing saad nito.

Tumango siya. “May tiwala ako sa iyo, Freya.”

“Good.”



Ang mga sumunod na linggo ay ginugol nila sa pagpapalano pagkatapos ng duty niya sa pares house.

“Pagkatapos mong gawin ang eksena mo, lilipad ka papuntang Hong Kong. Stay there for a couple of weeks then derecho Singapore. Ito ang mga tickets mo at passport.” Inilapag nito sa harap niya ang isang brown envelope. “Stay there for a month then sa Cebu ka na tumuloy after mo roon. ‘Andiyan na lahat ng detalye ng tutuluyan mo. Don’t call me. I will call you.”

“May credit card ka na rian. At ipinagbukas na rin kita ng ATM account. Tatawagan kita sa cellphone na kasama diyan.”



Dalawang linggo na lang at isasakatuparan na nila ang plano. Next week ay naka-schedule na siyang umalis sa trabaho sa pares house. Wala pa ring nalalaman si Trina sa mga pangyayari at sa palagay niya ay mas mabuting ganoon. Siguradong hindi ito sasang-ayon sa gagawin niya. At kahit siya man ay hindi kumbinsido sa plano ni Freya, pero nabaon na siya sa kabutihan nito at sa paulit-ulit na pagpapaalalang magkapatid sila. Para sa isang taong ang nais ay magkaroon ng buong pamilya, hindi ba’t gagawin ng sino man ang lahat para matupad iyon? At iyon ang pangako ni Freya. Isang buong pamilya pagkatapos ng gulong gagawin niya. Iyon ang nagpapalakas ng loob niya.

Dinampot ni Rossann ang larawang inilapag ni Freya sa mesa. Katatapos lang nilang maghapunan at mula sa bag ay inilabas nito ang mga larawan umano ni Red.

Taliwas sa inaasahan niya ang hitsura nito. Lampas tenga ang hindi pantay-pantay na buhok nito, tsinito ang mga mata na tila laging nakangiti, katamtamang tangos ng ilong, ang mga labi ay natural na mapula na tila kay lambot, pantay-pantay ang ngipin nito at may dalawang maliit na biloy sa magkabilang pisngi.

Tila may mainit na pakiramdam na humaplos sa puso niya sa pagkakatatig sa larawan nito.

“Don’t be fooled, my dear sister,” ani Freya na wari ay nahuhulaan ang iniisip niya.

Inalis niya ang tingin mula sa larawan ni Red. “Hindi nakapagtata kang hindi ka paniwalaan sa anumang masamang sumbong mo tungkol sa kanya. Maamo ang mukha niya,” wala sa loob na nasabi niya ang huling pangungusap.

Si Freya ay marahang natawa.

“You’re cuffed by his charm!” bulalas nito.

Bahagyang nag-init ang kanyang mukha kasabay ng pag-iling. “Mukha lang siyang mabait, ’yun lang.” Tumiim ang kanyang mukha nang maalala ang hitsura ni Freya nang gabing saktan ito ni Red. “Hindi ko makakalimutan ang ginawa niya sa iyo, Freya.”

Ngumiti lang ito. “Napakaswerte kong natagpuan kita, Rossann,” makahulugang sabi nito.

Wala sa loob na muli niyang sinulyapan ang larawan ni Red at muling dumaan ang banyagang pakiramdam na iyon.



“Hindi ko alam kung bakit kailangang gawin natin ’to, Freya,” naiinis na sabi niya sa kapatid. Nasa isang silid sila sa isang motel kasama ang lalaking ipinakilala nito, si Edward.

“You don’t have to strip naked, Rossann, kaya huwag ka nang umarte. Besides, walang malisya kay Edward ’to,” dagdag nitong humithit ng sigarilyo. Duda siya sa huling sinabi nito.

Ang gusto ni Freya ay kunan sila ng larawan ni Edward na kunwari ay nagtatalik.

“Hindi ko gagawin,” aniya at tumayo para tunguhin ang pinto.

“Rossann!” inis na tawag ni Freya.

“May hangganan ang pagtulong ko, Freya,” mariing pahayag niya at tuluyang lumabas ng pinto.

Si Edward ay nakangising nilapitan si Freya. “Just like old times, babe.”



Dinatnan niya sa bahay si Freya.

“Bakit ang tagal mong umuwi? Kanina pa kita hinihintay!” sita nito na hindi niya sinagot.

Dumerecho siya sa kwarto at nagpalit ng T-shirt. Sumunod si Freya at naupo sa kama.

“I’m sorry, sis, napi-pressure lang talaga ako. Pero tutulungan mo ako, di ba?” Tila papatak ang luha nito anumang sandali.

Lumapit siya rito. “Oo naman. Hindi ko lang nagustuhan ’yung ipinagagawa mo kanina.”

Tumango ito. “It’s okay, nagawan ko na ng paraan.” Iniabot nito sa kanya ang isang brown envelope. Nang buksan niya ito ay natambad sa kanya ang mga larawan na tila totoong nagtatalik.

Ako at si Red?

Naguguluhang napatingin siya rito.

“Computer technology,” nagmamalaking sabi nito.

Tila napasong binitiwang niya ang mga larawan. “Hindi kailangang umabot sa ganito, Freya. Pumayag na akong tulungan ka, di ba?” Bagaman nakakumot ang mga ito sa larawan ay hindi niya inaasahan na papatol ang kapatid sa kalokohang ito. “At hindi basta maniniwala si Red sa mga larawang ’yan.”

“Not Red, pero ang mga guests, ang mga parents niya... ’Yan ang bombang pasasabugin natin, Rossann. Red wouldn’t know what hit him.”

Nagdududang napatitig lamang siya kay Freya. Puno ng pagtutol ang kanyang kalooban.

“Props lang ang mga pictures na iyan, Rossann. Ako na nga ang gumawa ng paraan, di ba?” inis na

sabi nito. “So stop acting na parang apektadong-apektado ka.”

Hindi siya sumagot.

“Sis, please, para lang maging kumpleto ang plano natin.” Nagbago ang tono ni Freya. “Nangako kang tutulungan ako...”

Isang buntong-hininga ang pinakawalan niya bago tumango. Niyakap siya ni Freya, pero hindi nabawasan ang agam-agam niya